Ang mga Kagilagilalas na Pakikipagsapalaran ng Dula-tulang "Iskolar ng Bayan"

Timothy P. Dacanay

Ang dula-tula ay isang anyo ng dula na hinubog at itinatanghal ng University of the Philippines Repertory Company mula 1975 hanggang sa kasalukuyan.[1] Makulay ang kasaysayan nito, na tututukan natin sa pamamagitan ng pagsisiyasat sa isang akdang ipinalabas mula 1976 hanggang 1991, ang "Iskolar ng Bayan." Naging tradisyon sa pamantasan na ipalabas ang dula taon-taon sa mga baguhang estudyante o *freshmen*. Apat na bersiyon ng iskrip ang pag-aaralan—tatlong nakalimbag at isang manuskrito—na nagtakda ng kapanahunan sa kasaysayan ng dula. Ininterbyu din ang ilan sa mga pangunahing tauhang humubog at patuloy na humuhubog sa dula-tula.

Ang dula-tula ay inilista sa *CCP Encyclopedia of Philippine Art* bilang isa sa 18 anyo ng dulang pampolitika na ginamit ng mga mandudula sa dekada 70 at 80. Isa itong "produkto ng kilusang protesta ng dekada sitenta."[2]

Dagdag pa ng *CCP Encyclopedia*: "Sa mga dulang ito, ang pangunahing tauhan ay nagiging representatibo ng isang sektor (estudyante, guro, magsasaka, obrero, atbp.), na nakikisalamuha at humaharap sa kahirapan, upang isalaysay ang mga suliranin ng kaniyang sektor. Sa katapusan, magdedesisyon ang tauhan na sumanib sa pakikibaka para sa kalayaan." *Sa Bangon: Antolohiya ng mga Dulang Mapanghimagsik*, inihahanay pa nga sa mas radikal na kategorya ang dula-tula, at ang dulang "Iskolar ng Bayan" mismo, bilang isang dulang rebolusyonaryo o mapanghimagsik.[3]

Ayon kay Josephine Barrios, pantas ng dulaan at miyembro ng UP Rep noong dekada 80, ang dula-tula ay "isang tula na nilapatan ng galaw at dahil dito ay nagiging dula."[4] Nakikita rito ang interaksiyon ng dalawang ispesipikong anyo ng sining: ang tula na ginawa para mabasa o mabigkas lamang ay ngayo'y ginawang dula. Ang tula ay ginawang iskrip ng mga manlilikha ng dulaan upang maitanghal.